# Karpintero



Isang uri ng trabaho na nagtatayo ng bahay at gusali gamit ang kahoy at pati na rin ang pag-aayos nito.



## Gawain ng karpintero

### Benepisyo ng trabaho

Mararanasan mo ang kasiyahan kapag nakakalikha ng mga bagay. May pagkakaiba sa materyales, hugis at sukat ng bawat binubuong bagay. Magagamit sa iba't ibang paraan ang kahoy sa pamamagitan ng paggamit ng lagari at katam ayon sa uri, kapal at hibla ng kahoy. Malalim ang teknikal na kaalaman at magdudulot ng kasiyahan sa iyo kapag napalalim ang sariling kaalamang pang-teknikal.

### Mga taong angkop maging karpintero

Mga taong mahilig lumikha ng mga bagay.
Mga taong may tiyaga na pagbutihin pa ang kakayahan at lubos na nasisiyahan kapag nakikita ang pag-angat ng kakayahan.

### Para maging karpintero

Matutunan habang nagtatrabaho ang kahusayan at kaalaman ng pagkakarpintero. Hindi mahalaga ang gradong natapos sa paaralan.
①Magtrabaho sa isang kontraktor o kumpanya ng konstruksiyon
②Magsanay sa ilalim ng isang dalubhasang karpintero.



Ginagawa ng karpintero 「magkatam ng tabla」



Balangkas ng istraktura na gawa sa kahoy

## Panayam kay Ginoong Taira Nagakura,Tagapangulo ng Shizuoka Daiku Kenchikugyō Kyōdō Kumiai




### Saan maaaring makapagtrabaho?

Sa mga kontraktor, kumpanya ng konstruksiyon at kumpanya na nagtatayo at nagtitinda ng mga gusali. Maaari kang maging punong karpintero sa tinatayong istraktura o maaari ka ring magsarili at tumanggap ng kontrata.

### Maaari bang makapagtrabaho kahit walang sertipikasyon?

Hindi kailangan ang sertipikasyon habang nagsisimula pa lamang sa trabaho. Maaari mong kunin ang sertipikasyon sa kaligtasan at kaligtasan ng kapaligiran habang nagtatrabaho at pumapasok sa eskwelahang pang-bokasyonal.

### Ano ang maaari kong gawin sa ngayon?

Pag-aralan ang Nihongo hindi lamang para sa pang-araw araw kundi maging ang mga teknikal na terminolohiya.
Sa kasalukuyan, maraming bidyo sa YouTube ang maaari mong panoorin at mapag-aralan.

**Message**

Bukod sa pangkalahatang kaalaman at kahusayan sa pagtatayo ng bahay, ang mga karpintero ay namamahala din sa buong konstruksiyon, sinusubaybayan ang gastos ng konstruksiyon at nangangailangan din ng malalim na kaalam sa iba't ibang batas at patakaran. Mahirap ang trabaho kaya kailangan na gugustuhing gawin ito. Ang bawat tinatayong bahay ay walang katulad. Lubos na nakakaramdan ng kasiyahan kapag naitatayo ang bahay ng ayon sa minimithing tahanan ng kustomer.

Shizuoka Daiku Kenchikugyō Kyōdō Kumiai

Tel 054-282-6971